



Maagang Pagpapalano sa Pangangalaga

Gabay ng Pasyente Bersyon 3



Serbisyo sa Pag-iinterpretar

Mangyaring hilingin ang serbisyo ng interpreter kung kailangan mo ng tulong sa pakikipag-usap sa serbisyo ng kalusugan sa iyong wika.



© Department of Health, State of Western Australia (2017).

All information and materials in this Guide are protected by copyright.

Copyright resides with the State of Western Australia. Apart from any use permitted by the *Copyright Act 1968* (Cth) the information in this Guide may not be published, or reproduced in any material whatsoever, without express permission of the WA Cancer and Palliative Care Network, Western Australian Department of Health.

Kinikilala namin ang website ng Tanggap ng Pamublikong Tagapagtanggol (Office of the Public Advocate) www.publicadvocate.wa.gov.au bilang mahalagang pagkukunan ng impormasyon.

Minumungkahing sipi

Department of Health, Western Australia.

Advance Care Planning: A patient's guide. Perth: WA Cancer and Palliative Care Network, Department of Health, Western Australia; 2017.

Mahalagang pagtatatwa

Ang impormasyon sa Gabay na ito ay hindi nilayong maging komprehensibo. Hindi rin ito nilayong maging payo sa batas o iba pang propesyonal na payo at hindi rin ito nilayong maging kahalili ng mga ito. Kung ikaw ay may problema sa batas, dapat kang humingi ng independiyenteng payo sa batas na inakma sa iyong partikular na sitwasyon.

Maagang Pagpaplano sa Pangangalaga

Ang Maagang Pagpaplano sa Pangangalaga ay umiiral na talakayan sa pagitan ng pasyente at kanyang mga tagapag-alaga, pamilya at mga propesyonal sa kalusugan tungkol sa mga pinahahalagahan, paniniwala, paggamot at mga pagpipilian sa pangangalaga ng pasyente. Ito ay nakatuon lalo na sa mga kagustuhan ng pasyente para sa kanyang paggamot at pangangalaga sa hinaharap sakaling hindi na niya kayang isagawa o ipahayag ang kanyang mga desisyon sa oras na ito ay kinakailangan.

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng buod ng Maagang Pagpaplano sa Pangangalaga.

Mga nilalaman

Makipag-usap sa isang taong malapit sa iyo	4
Pag-isipang mabuti	5
Makipag-usap sa iyong doktor	6
Iba pang maaaring makatulong	7
Ipahayag ang iyong mga iniisip – isulat ang mga ito	10
Iba pang mga bagay	13
Ipagbigay-alam sa iba	14
Proseso sa paggawa ng mga desisyon para sa di-agarang paggamot	15
Karagdagang impormasyon	16
Talasalitaan	17

Kausapin ang isang taong malapit sa iyo

Ang pakikipag-usap sa iyong mga mahal sa buhay tungkol sa iyong mga kagustuhan sa katapusan ng buhay, o sa kaso ng pagkawala ng kakayahan, ay isang pag-uusap na hindi palagay ang karamihan. Para sa karamihan sa atin, ang pagkawala ng kakayahan o katapusan ng buhay ay hindi laging nangyayari sa paraang gusto natin.

Ang hindi gumagaling-galing o walang-lunas na karamdaman ay maaaring maging dahilan ng kawalan natin ng kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa kung paano natin gustong magamot sa mga huling buwan at araw natin, kaya't mahalagang ipaalam sa mga taong malapit sa iyo ang iyong mga kagustuhan bago pa man mangyari ito.

Ang pinakamainam na paraan para isagawa ito ay sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa isang taong malapit sa iyo gaya ng kapartner, mga kamag-anak at mga kaibigan tungkol sa iyong mga kagustuhan para sa iyong pangangalaga at paggamot.

Maaaring mayroon kang matitibay na palagay tungkol sa gusto mong mangyari. Ang ilan sa mga tanong na maaaring pag-iisipan ay:

- Anong uri ng pangangalaga ang mas gusto mo o sa palagay mo ay hindi katanggap-tanggap?
- Nanaisin mo bang panumbalikin ang iyong buhay kung ang tibok ng iyong puso o paghinga ay huminto na?
- Saan mo gustong maalagaan?
- May anumang espesyal na bagay ba na gusto mong madala mo?
- May anumang bagay o tao bang hindi mo gustong makasama?

Natural lang na iwasan ang pag-uusap tungkol sa isyu na nagbibigay sa iyo ng pakiramdam na hindi mapalagay, gayunpaman, sa bandang huli ay malamang na mangyari rin ang pag-uusap.

Habang ang pag-iwas ay maaaring magbigay ng panandaliang pagkapalagay, sa bandang huli ay malamang na maragdagan nito ang pagkabahala mo, ng iyong pamilya at mga kaibigan. Kung ang mga taong malapit sa iyo ay kailangang gumawa ng mahahalagang desisyon tungkol sa mga bagay na makakaapekto sa iyong buhay, ito ay maaaring maging lubhang mabigat para sa kanila. Bigyan sila ng patnubay kung ano ang talagang gusto mo.

Maaaring dumating ang oras na hindi mo na kayang iparating ang iyong mga kagustuhan. Ipaalam ito ngayon sa iyong mga mahal sa buhay upang maging mas madali para sa kanila at sa iyo.

Pag-isipang mabuti

Pag-aralan ang iyong mga pagpipilian para sa pangangalaga at isaalang-alang ang lahat ng sitwasyon. Halimbawa, maaaring hindi posibleng maalagaan ka sa bahay kung ang iyong kondisyon ay lumala na. Kaya't baka nais mong aralin ang mga alternatibong makukuha mo sa tulong ng mga propesyonal sa kalusugan na tumitingin sa iyo, Pangmatagalang Guardian (Enduring Guardian), o pamilya.

Ang ilan sa iyong mga kagustuhan ay tungkol sa iyong pangangalagang medikal at ang iba ay maaaring tungkol sa iba pang mga personal na bagay.

Kabilang sa ilang halimbawang maaaring pag-isipan ay:

- ang iyong pasiya kung gusto mong maalagaan sa tahanan, sa ospital, pasilidad ng pangangalaga o hospisyo
- sino ang nais mong bumisita sa iyo kapag nawalan ka na ng kakayahan o malapit na sa katapusan ng buhay
- paraan kung paano mo gustong sumalamin sa iyong pangangalaga ang iyong mga pananampalataya o espirituwal na paniniwala
- ang iyong kaginhawaan – halimbawa, kung mas gusto mong maligo sa bath tub o mag-shower, matulog na nakabukas ang ilaw o nakapatay
- ang mga solusyon sa mga praktikal na problema, tulad halimbawa kung sino ang titingin sa iyong alagang hayop
- pagsulat ng will (huling habilin) at/o pagpapahayag ng lokasyon nito
- pagpapahayag ng anumang mga detalye o kagustuhan para sa kaayusan ng libing
- mga pag-aaring gusto mo na nasa paligid mo kapag ikaw ay nawalan na ng kakayahan o malapit na sa katapusan ng buhay:
 - mga paboritong larawan
 - mga piraso ng pananamit o pamilyar o paboritong mga bagay ng mahalaga sa iyo
 - ang iyong piniling musika na tutugtugin.
- personal na mensahe sa pamilya at mga kaibigan
- mga desisyon sa paggamot na katanggap-tanggap o hindi katanggap-tanggap sa iyo
- ang mga bagay na hindi mo gusto.

Ito ay ang panahon upang huminto, mag-isip at magsalita. Maaaring makatulong ang pagtipon ng mga impormasyon mula sa mga propesyonal sa kalusugan, pamilya at mga kaibigan, o iba pa tulad ng iyong espirituwal na tagapayo, tagapayo, suportang grupo o internet.

Makipag-usap sa iyong doktor

Ikaw ay nakipag-usap na sa iyong pamilya, mga kaibigan at/o Nagtatagal ng Guardian (Enduring Guardian) at binalangkas mo na ang iyong mga kagustuhan. Ngayon ay kailangan mong ipabatid ang iyong mga kagustuhan sa iyong doktor at/o iba pang tumitinging (mga) propesyonal sa kalusugan.

Maging prangka sa iyong tumitinging (mga) propesyonal sa kalusugan. Nariyan sila upang tumulong at pahahalagahan ang malinaw na mga tagubilin tungkol sa iyong pangangalaga sa hinaharap. Magsama ng isang tao bilang suporta kung nais mo.

Alamin mula sa iyong tumitinging (mga) propesyonal sa kalusugan kung ano ang kahulugan ng iyong karamdaman kung hindi mo pa alam.

Ilang tanong na maaaring pag-isipan tungkol sa iyong sakit:

- Paano ito makakaapekto sa iyo?
- Ano ang magiging epekto ng anumang posibleng paggamot?
- Anong palyatibong pangangalaga ang makukuha?

Ito ang tamang panahon upang ipaalam sa iyong tumitinging (mga) propesyonal sa kalusugan ang tungkol sa iyong sariling mga pananaw at damdamin at ang mga opsyon sa paggamot na makukuha, tulad ng:

- Gusto mo bang panumbalikin ang iyong buhay sakaling huminto ang pagtibok ng iyong puso?
- Gusto mo bang pakainin o tumanggap ng mga likido sa pamamagitan ng swero?
- Mag-aambag (donate) ka ba ng mga organo/bahagi ng iyong katawan?

Ngayon ang tamang panahon upang pag-uusapan at gumawa ng plano

Iba pang maaaring makatulong

Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa Maagang Pagpaplano sa Pangangalaga sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa isang propesyonal sa kalusugan o sa paghahanap ng mga karagdagang impormasyon sa mga kapaki-pakinabang na mga website.

Kung minsan ay makatutulong ang ibang pananaw sa paghahanda ng iyong Maagang Pagpaplano sa Pangangalaga.

Narito ang ilang kapaki-pakinabang na mga organisasyon:

Office of Multicultural Interest (Tanggapan ng Multikultural na Interes)

Gordon Stephenson House
140 William Street,
PERTH WA 6000
Telepono: (08) 6551 8700
Translating and Interpreting Service (TIS)
Tel: 13 14 50
Email: harmony@omi.wa.gov.au
Website: www.omi.wa.gov.au

Carers WA (Mga Tagapag-alaga ng WA)

182 Lord Street, PERTH WA 6000
Telepono: (08) 1300 227 377
Email: info@carerswa.asn.au
Website: www.carersaustralia.com.au

Palliative Care WA Inc Palliative Care WA Inc (Palyatibong Pag-aalaga sa WA Inc)

15 Bedbrook Place, SHENTON PARK WA 6008
Telepono: 1300 551 704
Email: pcwainc@palliativecarewa.asn.au
Website: www.palliativecarewa.asn.au

Cancer Council WA (Konseho ng Kanser sa WA)

420 Bagot Road, SUBIACO WA 6008
Telephone: 13 11 20
Website: www.cancerwa.asn.au

Health Consumers' Council Western Australia (Konseho ng mga Konsyumer ng Kalusugan Western Australia)

Unit 6 Wellington Fair, 40 Lord Street,
EAST PERTH WA 6004
Telepono: 1800 620 780
Email: info@hconc.org.au
Website: www.hconc.org.au

Organ Donation (Pag-ambag ng Organo ng Katawan)

DonateLife Western Australia
Suite 3, 311 Wellington Street,
PERTH WA 6000
Telepono: (08) 9222 0222
Email: donatelife@health.wa.gov.au
Website: www.donatelife.gov.au

Ethnic Disability Advocacy Centre (Sentro ng Adbokasya sa Etnikong Kapansanan)

320 Rokeby Road
SUBIACO WA 6008
Telepono: (08) 9388 7455
Free call: 1800 659 921
Email: admin@edac.org.au
Website: www.edac.org.au



Ipahayag ang iyong mga iniisip – isulat ang mga ito

Sa sandaling ikaw ay nakapagpasya na ng iyong mga kagustuhan tungkol sa paggamot sa hinaharap, pangangalaga at personal na mga bagay, iminumungkahing isulat ang mga ito.

Maaaring matukoy sa proseso ng Maagang Pagpapalano sa Pangangalaga na dapat makumpleto ang iba't ibang dokumento upang ang iyong mga kagustuhan ay wastong maitala at maaari (o dapat) na ipatupad kung dumating na ang oras.

Pag-isipan kung alin sa mga sumusunod ang maaaring kailanganin sa iyong kaso.

(Direktiba sa Maagang Pangangalaga sa Kalusugan)

Ang Direktiba sa Maagang Pangangalaga sa Kalusugan (Advance Health Directive - AHD) ay isang pormularyo na kinikilala ng batas (sa ilalim ng Batas sa Pagiging Guardian at Pamamahala 1990 - Guardianship and Administration Act 1990) na naglalaman ng mga desisyon ng isang tao sa pagbibigay o hindi pagbibigay ng pahintulot sa partikular na mga paggamot o pamamaraan sa pangangalaga ng kalusugan, kabilang ang mga hakbang sa pagpapahaba ng buhay at palyatibong pangangalaga.

Upang makagawa ng AHD, dapat ikaw ay:

- 18 taong gulang o mas matanda
- may ganap na kakayahan sa batas. Ang mga desisyon sa paggamot na nakapaloob sa AHD ay magkakabisa lamang kung o kapag ikaw ay hindi na makapagpasya nang makatwiran tungkol sa isang desisyon sa paggamot sa panahong kinakailangan ng desisyon sa paggamot. Sa ganitong mga kalagayan at napapailalim sa ilang mga limitasyon, dapat ibigay ng propesyonal sa kalusugan o dapat ipagkait ang paggamot alinsunod sa iyong mga kagustuhan na tinukoy sa AHD.

Kung nais mong gumawa ng mga desisyon sa paggagamot na tinatanggap sa batas, iminumungkahi na gumawa ka ng isang AHD.

Para makagawa ng isang AHD, maaari kang kumuha ng pormularyo sa pamamagitan ng:

1. Pag-download at pag-print ng pormularyong www.health.wa.gov.au/advancecareplanning
2. Mag email sa: acp@health.wa.gov.au

O kaya, maaari ka ring makipag-usap sa isang tao mula sa WA Cancer and Palliative Care Network (WACPCN) ng Department of Health sa **(08) 9222 2300** upang makakuha ng isang kopya ng pormularyo o para sa karagdagang impormasyon.

Nagtatagal na Kapangyarihan ng Pagiging Guardian (Enduring Power of Guardianship)

Isa pang pagpipilian na maaari mong pag-isipan ay ang Nagtatagal na Kapangyarihan ng Pagiging Guardian (Enduring Power of Guardianship -EPG). Ang EPG ay tumutukoy sa kapangyarihan ng pagiging guardian at sa pormularyo na opisyal na nagtatala ng kapangyarihang ito, gaya ng kinikilala sa batas (sa ilalim ng *Guardianship and Administration Act 1990*). Inaatasan ng EPG ang isang tao na iyong pinili upang gumawa ng mga mahahalagang desisyon sa sarili, estilo ng pamumuhay at paggamot sa ngalan mo, sakaling hindi mo na kayang gumawa ng gayong mga desisyon. Ang taong ito ay kilala bilang isang Pangmatagalang Guardian (Enduring Guardian).

Halimbawa, maaaring nais mong bigyan ng kapangyarihan ang Enduring Guardian na gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga bagay tulad ng lugar ng iyong tirahan, mga suportang serbisyo na makukuha mo at ang paggamot na tatanggapin mo.

Hindi maaaring bigyang kapangyarihan ang Enduring Guardian upang gumawa ng mga desisyon sa mga ari-arian o pera sa ngalan mo; ang mga bagay na ito ay maaaring harapin sa ilalim ng Nagtatagal ng Kapangyarihan ng Abogado (Enduring Power of Attorney) (tingnan sa ibaba).

Upang gumawa ng EPG, dapat ikaw ay:

- 18 taong gulang o mas matanda
- may ganap na kakayahan sa batas.

Ang taong itinalaga mo bilang iyong Pangmatagalang Guardian ay dapat ding 18 taong gulang o mas matanda at may ganap na kakayahan sa batas.

Maaari kang magtalaga ng higit sa isang Pangmatagalang Guardian bilang magkatuwang na mga Enduring Guardian, subalit dapat silang kumilos nang magkatuwang na nangangahulugan na kailangan nilang magkasundo sa anumang mga desisyon na gagawin nila sa ngalan mo.

Ang saklaw ng awtoridad na ibinigay sa iyong Pangmatagalang Guardian ay pinagpapasyahan mo kapag gumawa ka ng iyong EPG.

Ang Enduring Guardian ay maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga bagay na hinarap mo na sa AHD. Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa paghirang ng Enduring Guardian sa pamamagitan ng pagtawag sa Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol (Office of the Public Advocate) sa 1300 858 455 o sa pamamagitan ng pagbisita sa website na:

www.publicadvocate.wa.gov.au

Plano sa Maagang Pangangalaga

Ang Plano sa Maagang Pangangalaga ay isang talaan ng mga pagtalakay ng iyong plano sa maagang pangangalaga at isang paraan ng pagbabahagi ng iyong mga kagustuhan sa mga taong nag-aalaga sa iyo.

Maaaring isama sa Plano sa Maagang Pangangalaga ang detalye ng mga personal na kagustuhan na hindi sakop ng ibang pormal na mga dokumento na nabanggit sa itaas. Anumang espesyal na mga kahilingan o mensahe ay maitatala dito bilang isang kapaki-pakinabang na gabay para sa mga taong may kinalaman sa iyong pangangalaga at pamamahala ng mga iba't ibang bagay para sa iyo.

Kabilang dito ang mga personal na kagustuhan na hindi kinakailangang may kaugnayan sa kalusugan o paggamot na gagabay sa iyong tumitinging mga propesyonal sa kalusugan, Enduring Guardian at/o pamilya tungkol sa kung paano mo gustong magamot at anupamang espesyal na mga kahilingan o mensahe, gaya ng kung:

- saan mo gustong maalagaan
- sino ang gusto mong bumisita sa iyo
- ano ang iyong paboritong musika.

Maaari kang gumawa ng iyong Plano sa Maagang Pangangalaga sa pamamagitan ng pagsagot sa pormularyong nakakabit sa gabay na ito.

Habilin sa Buhay (Living Will)

Ang mga katagang 'living will' (habilin sa buhay) ay mga salitang paminsan-minsang ginagamit upang ilarawan ang talaan kung saan ang isang tao ay nagpapahayag ng kanyang mga palagay hinggil sa kanyang nakikinikinitang mga desisyon sa kalusugan sa hinaharap, tulad ng: kung ang tao ay magbibigay o hindi magbibigay ng pahintulot kaugnay ng mga tinukoy na desisyon sa paggagamot na inaasahan nilang mangyayari sa hinaharap. Ang mga 'living will' ay nilayong magkakabisa kapag ang sumulat nito ay hindi na makakagawa at makakapagpahayag ng mga desisyon tungkol sa pangangalaga ng kanyang kalusugan.

Maaaring kabilang sa mga 'living will' ang:

- Ang mga AHD na pormal na kinikilala ng batas at ipapairal sa mga taong responsable sa pangangalaga
- Ang 'Direktiba ng Pangkaraniwang Batas' (Common Law Directives - CLD), na mga komunikasyong nakasulat o sinalita na nagpapahayag ng mga kagustuhan ng isang tao hinggil sa pangkalusugang paggamot na ibibigay o hindi ibibigay sa tinukoy na mga kalagayan sa hinaharap. Walang mga pormal na rekesitos kaugnay ng mga Direktiba ng Pangkaraniwang Batas. Gayunman, maaaring maging napakahirap patunayan na ang partikular na CLD ay may saysay sa batas at maaaring ipatupad. Sa kadahilanang ito, ang mga ito ay hindi inirerekomenda.

Kung may mga partikular na paggamot na nais mong ipatupad kapag ikaw ay nawalan na ng kakayahang gumawa ng mga desisyon, iminumungkahi na kumpletuhin mo ang isang AHD.

Iba pang mga bagay

Sa kurso ng paggawa ng mga desisyon dahil sa nakikinitang pagkawala ng kakayahan at/o katapusan ng buhay, maaaring nais mo ring asikasuhin ang mga bagay na bukod pa sa pangangalaga ng kalusugan.

Halimbawa, maaari kang humirang ng isang tao na mamamahala ng iyong mga ari-arian at pananalapi kung hindi mo na kayang gawin ito. Isang pormal na dokumento na tinatawag na Nagtatagal ng Kapangyarihan ng Abogado (Enduring Power of Attorney - EPA) ang kailangan. Ang Tanggapan ng Pamublikong Tagapagtanggol (Office of the Public Advocate) ay may karagdagang impormasyon tungkol sa mga EPA (tingnan sa pahina 16 ang mga detalye ng kanilang kontak).

Kung hindi mo pa nagagawa, mahalagang gumawa ng will (habilin) upang ang iyong mga pag-aari at ari-arian ay maipapamahagi sa iyong pagkamatay ayon sa iyong mga kagustuhan. Hindi ito sakop ng mga EPA. Dapat nirerepaso at binabago paminsan-minsan ang mga will kung nagbago ang kaugnay ng mga kalagayan (halimbawa, pagkamatay ng mga tagapagpatupad o mga benepisyaryo, pakikipag-diborsyo). Ang Pamublikong Tagapangasiwa (Public Trustee) ay maaaring makatulong sa mga pormalidad at/o magmungkahi ng ilang kaugnay na mga sanggunian (tingnan sa pahina 16 ang mga detalye ng kanilang kontak).



Ipagbigay-alam sa iba

Ang pagbibigay-alam sa iba ng iyong mga desisyon sa pangangalaga ay magbibigay sa iyo ng pagkakataong matalakay ang mga desisyong ito sa taong malapit sa iyo.

Kung nakumpleto mo na ang dokumento ng Maagang Pagpapalano sa Pangangalaga (halimbawa, ang Advance Health Directive (Direktiba ng Maagang Pagpapalano sa Kalusugan), Maagang Plano sa Pangangalaga o Enduring Power of Guardianship (Nagtatagal na Kapangyarihan ng Pagiging Guardian), mahalagang alam ng mga taong malapit sa iyo at mga taong may kinalaman sa iyong pangangalaga na nakumpleto mo na ang mga dokumentong ito, at kung saan naroroon ang mga ito. Dapat madaling makuha ng mga mahahalagang tao ang isang kopya.

Tandaan, hindi malalaman ng ibang tao ang iyong mga kagustuhan kung hindi mo sasabihin ang mga ito.

Maaari mo ring isaalang-alang ang:

- pagbibigay ng kopya sa iyong espesyalista at/o Pangkalahatang Doktor (GP) pati na rin sa alinmang ospital na regular mong binibisita
- paglalagay ng alert card, tulad ng alert card na AHD, sa iyong pitaka o wallet na magbibigay-alam sa iyong propesyonal sa kalusugan kung saan makakakuha ng kopya
- pagrerehistro sa Medic Alert www.medicalert.org.au
Telepono 1800 882 222
- pagrerehistro sa Aking Rekord sa Kalusugan (My Health Record) www.myhealthrecord.gov.au
Telepono 1800 723 471
- ipagbigay-alam sa mga taong malapit sa iyo kung saan mo inilagay ang isang kopya ng iyong mga dokumento para alam nila kung saan madaling mahanap ang mga ito (halimbawa, sa harapan ng iyong reprimyoreytor o kung saan mo karaniwang nilalagay ang iyong mga bayarin)
- pagsulat ng isang listahan ng lahat ng tao na may kasalukuyang kopya ng iyong mga dokumento sa Maagang Pagpapalano sa Pangangalaga.


Proseso sa paggawa ng mga desisyon sa di-agarang paggamot

Kung ikaw ay 18 taong gulang o mas matanda at may kakayahang gumawa ng sarili mong mga desisyon, maaari kang gumawa ng sarili mong mga desisyon sa paggagamot (magpahintulot o tanggihan ang isang paggamot). Kung hindi mo kayang magdesisyon para sa iyong sarili at ang di-agarang paggamot ay kinakailangan na, ang mga desisyon sa paggamot ay gagawin ayon sa hirarkiya ng mga gumagawa ng desisyon' na nasa ibaba.

Kung wala kang naaangkop o may saysay na AHD, hihingin ng propesyonal sa kalusugan ang desisyon sa paggamot mula sa unang tao sa listahan na 18 taong gulang o mas matanda, na may ganap na kakayahan sa batas at handa at matatawagan upang gumawa ng desisyon. Ang taong ito ay kilala rin bilang 'taong may pananagutan'.

Kung ang agarang paggamot ay kinakailangan upang iligtas ang iyong buhay o pigilan ang maiwasang pananakit, ang mga propesyonal sa kalusugan ay maaaring magbigay ng paggamot na ito nang hindi humihingi ng pahintulot, gayunman, kakailanganin nilang humingi ng pahintulot para sa mga patuloy na paggamot.

Hirarkiya ng mga gumagawa ng desisyon



Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa anumang mga dokumento sa ibaba, maaari mong kontakin ang sumusunod:

Advance Health Directive (Direktiba sa Maagang Pangangalaga ng Kalusugan)

Department of Health – Office of the Chief Medical Officer

Telepono: (08) 9222 2300

Email: acp@health.wa.gov.au

Website: www.health.wa.gov.au/advancecareplanning or
www.healthywa.wa.gov.au/advancecareplanning

Adres sa Koreo: PO Box 8172, Perth Business Centre, PERTH WA 6849

(Kabilang sa nasa itaas na internet address ang access sa mapagkukunang self-directed na eLearning)

Enduring Power of Guardianship (Nagtatagal na Kapangyarihan ng Pagiging Guardian)

Office of the Public Advocate

Telepono: 1300 858 455; TTY: 1300 859 955

Email: opa@justice.wa.gov.au

Website: www.publicadvocate.wa.gov.au

Adres sa Koreo: PO Box 6293, EAST PERTH WA 6892

Enduring Power of Attorney (Nagtatagal na Kapangyarihan ng Abogado)

Office of the Public Advocate

Telepono: 1300 858 455; TTY: 1300 859 955

Email: opa@justice.wa.gov.au

Website: www.publicadvocate.wa.gov.au

Adres sa Koreo: PO Box 6293, EAST PERTH WA 6892

Will (Huling Habilin)

Office of the Public Trustee

Telepono:

1300 746 116 (Wills, Deceased Estates and EPA)

1300 746 212 (Administration and Represented Persons)

Email: public.trustee@justice.wa.gov.au

Website: www.publictrustee.wa.gov.au

Talasalitaan

Sa gabay na ito, ang sumusunod na mga salita ay may sumusunod na mga kahulugan:

Pagpapalano sa Maagang Pangangalaga

Ang Maagang Pagpapalano sa Pangangalaga ay isang umiiral na talakayan sa pagitan ng pasyente at kanyang mga tagapag-alaga, pamilya at mga propesyonal sa kalusugan tungkol sa mga pinahahalagahan, paniniwala, paggamot at mga pagpipilian sa pangangalaga ng pasyente. Ito ay nakatuon lalo na sa mga kagustuhan ng pasyente para sa kanyang paggamot at pangangalaga sa hinaharap sakaling hindi na niya kayang gawin o ipahayag ang kanyang mga desisyon sa oras na ito ay kinakailangan.

Ganap na kakayahan sa batas

Ang kakayahang gumawa ng pormal na kasunduan at maunawaan ang mga implikasyon ng mga pahayag na nakapaloob sa kasunduan.

Propesyonal sa Kalusugan

Sinumang tao na nagsasagawa ng isang disiplina o propesyon sa larangan ng kalusugan na may kinalaman sa aplikasyon ng isang larangan ng pagkatuto, kabilang ang isang tao na kasama sa propesyong partikular na itinakda ng batas.

Hakbang na magpapahaba ng buhay

Pamamaraan sa paggamot, pag-opera o pangangalaga na pinapalitan ang mahalagang bahagi ng katawan na wala nang kakayahang gumana nang mag-isa. Kasama ang tinutulungang paghinga at resusitasyong kardyopulmonaryo.

Habilin sa buhay

Ang mga katagang 'living will' ay mga salitang minsan ay ginagamit upang ilarawan ang talaan kung saan ang isang tao ay nagpapahayag ng kanyang mga palagay hinggil sa kanyang nakikinikitang mga desisyon sa kalusugan sa hinaharap.

Palyatibong pangangalaga

Ang palyatibong pangangalaga ay tumutukoy sa pamamaraan sa paggamot, pag-opera o pangangalaga na nakatutok sa pagtanggali ng pananakit ng isang tao, paghihirap o pagkabalisa ngunit hindi isang hakbang sa pagpapahaba ng buhay.

Walang-lunas (terminal) na karamdaman

Isang karamdaman o kondisyon na malamang na humantong sa kamatayan. Ang terminal na yugto ng walang-lunas na karamdaman ay nangangahulugan na ang yugto ng karamdaman ay umabot na sa punto ng kawalan ng pag-asang gumaling o remisyon ng mga sintomas (sa permanente man o pansamantalang batayan).

Paggamot

Anumang paggamot na medikal, pag-opera o sa ngipin o iba pang pangangalaga ng kalusugan, kabilang ang hakbang sa pagpapahaba ng buhay o palyatibong pangangalaga.

Desisyon sa paggamot

Ang desisyon na pagpayag o pagtanggap magpahintulot sa pagsisimula o pagpapatuloy ng anumang paggamot sa isang tao.

Mga tala





Ang dokumentong ito ay makukuha sa iba pang mga format kung hihilingin para sa isang maykapansanan.

Produced by WA Cancer and Palliative Care Network
© Department of Health 2017

Copyright to this material is vested in the State of Western Australia unless otherwise indicated. Apart from any fair dealing for the purposes of private study, research, criticism or review, as permitted under the provisions of the *Copyright Act 1968*, no part may be reproduced or re-used for any purposes whatsoever without written permission of the State of Western Australia.